

# Mga panukala laban sa pang- uudyok ng poot at diskriminasyon: dokumento ng buod

# Mga Nilalaman

- Anim na panukala ..... 3
- Ano ang nang-uudyok na pananalita?..... 5
- Nakakapanakit ang nang-uudyok na pananalita..... 5
- Ang kasalukuyang batas..... 5
- Pinoprotektahan ang malayang pagpapahayag ngunit napapailalim ito sa mga makatuwirang limitasyon ..... 6
- May mga natukoy na problema sa batas..... 7
- Mga konsiderasyon sa Treaty of Waitangi ..... 7
- Mga tanong para sa feedback sa mga panukala..... 8
- Ano ang maaari mong gawin kung nakakaranas ka ng mapoot na pananalita o gawi ..... 9
- Higit pang impormasyon ..... 9

Gustong malaman ng Te Tāhū o Te Ture – Ministry of Justice (ang Ministry) ang iyong feedback tungkol sa anim na panukalang baguhin ang batas na nauugnay sa pang-uudyok ng poot at diskriminasyon.

Ipinagbabawal ng Human Rights Act 1993 ang pananalitang nang-uudyok (nagpapasimula) ng kawalan ng pagkakaisa dahil sa lahi. Ipinagbabawal din nito ang diskriminasyon laban sa isang tao dahil sa isang aspeto ng kanilang pagkakakilanlan.

Pagkatapos ng pagsusuri ng Ministry at ng mga rekomendasyon ng Royal Commission of Inquiry bunsod ng pag-atake ng terorista sa Christchurch masjidain noong Marso 15, 2019, nagmumungkahi ang Pamahalaan ng mga pagbabago para paigtingin at linawin ang mga proteksyong ito.

Nagmumungkahi rin ang Pamahalaan ng dalawang mas malawak na pagbabago sa batas sa mga probisyon sa diskriminasyon.

Isang diverse na bansa ang Aotearoa New Zealand. Gustong paigtingin ng Pamahalaan ang pagkakaisa ng lipunan at gawing ligtas para sa lahat ang Aotearoa New Zealand. Susuportahan ito ng pagpapahusay sa mga proteksyon laban sa pananalitang nang-uudyok ng poot, at sa mga proteksyon laban sa diskriminasyon.

Mahalagang prinsipyo sa Aotearoa New Zealand ang malayang pagpapahayag. Bahagi ito ng New Zealand Bill of Rights Act 1990, kasama ng kalayaan mula sa diskriminasyon. Nilalayan ng mga panukalang pagbabago sa batas na mas mahusay na protektahan ang mga karapatang ito, kabilang ang pagtitiyak na malayang maipapahayag ng mga taong nakakaranas ng mapoot na pananalita ang kanilang mga sarili. Nagbibigay-daan ang Bill of Rights Act sa makatuwirang limitasyon sa mga karapatan, na binabalanse sa mga karapatan at interes ng iba.

Sumang-ayon sa pangkalahatan ang Pamahalaan sa anim na panukala. Ibig sabihin, sa palagay ng Pamahalaan ay magandang ideya ang mga pagbabago ngunit gusto nitong malaman kung natutugunan ba ng mga ito ang mga inaasahan ng lipunan bago magsagawa ng pinal na pasya tungkol sa kung babaguhin ba ang batas at kung paano. Posibleng magbago ang mga panukalang ito depende sa matatanggap na feedback.

Nakalista sa ibaba ang mga panukala. Bilang buod, layunin ng mga ito na:

- dagdagan ang mga grupo ng mga tao na pinoprotektahan ng mga probisyon sa pang-uudyok
- gawing mas malinaw kung anong gawi ang hindi papayagan ng batas at gawing mas mabigat ang mga parusa sa paglabag sa batas
- pahusayin para sa mga grupo ang mga proteksyon laban sa mas malawak na diskriminasyon.

Makikita mo ang mas detalyadong konteksto tungkol sa kasalukuyang batas, ang mga panukala para sa pagbabago at ang mga dahilan para sa mga ito sa kumpletong dokumento ng talakayan: *Proposals against the incitement of hatred and discrimination* na nasa [www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination](http://www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination).

# Gusto naming malaman ang iyong opinyon

Gustong malaman ng Pamahalaan ang iyong feedback (pagsusumite) para makatulong na makapagpasya kung isasagawa ang mga panukalang pagbabago, o kung babaguhin ang ilang bahagi ng mga ito, o kung iba na lang ang gagawin.

Maaaring magsumite ng feedback mula Hunyo 25 hanggang Agosto 6, 2021. Maaari kang magpasa sa pamamagitan ng website ng Citizen Space <https://consultations.justice.govt.nz>, sa pamamagitan ng email [humanrights@justice.govt.nz](mailto:humanrights@justice.govt.nz), o sa pamamagitan ng koreo sa Human Rights, Ministry of Justice, SX10088, Wellington.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng mga pagsusumite, kabilang ang impormasyon tungkol sa pagiging kumpidensyal at personal na impormasyon, pakitingnan ang dokumento ng talakayan sa aming website: [www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination](http://www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination)

## Anim na panukala

<p><b><i>Unang panukala: Baguhin ang pananalita sa mga probisyon sa pang-uudyok sa Human Rights Act 1993 para mas maraming grupong pinapatamaan ng mapoot na pananalita ang poprotektahan ng mga ito.</i></b></p>	<p>Nailalapat lang ang mga kasalukuyang probisyon sa pang-uudyok sa mga pananalitang pinapatamaan ang isang grupo dahil sa kanilang kulay ng balat, lahi, o etnikong pinagmulan o pinagmulang bansa. May iba pang grupong pinapatamaan ng mapoot na pananalita, kabilang ang mga grupong batay sa kanilang relihiyon, kasarian, sekswalidad at kapansanan. Babaguhin ng panukalang ito ang batas para mailapat din ito kung nang-udyok ng poot laban sa isang grupo ng tao dahil sa mas malawak na hanay ng mga katangian. Posibleng kabilang dito ang ilan sa, o lahat ng, iba pang ipinagbabawal na batayan ng diskriminasyon sa seksyon 21 ng Human Rights Act (inilatag ang seksyong ito sa Appendix One ng Dokumentong Talakayan). Gusto naming malaman ang mga pananaw tungkol sa kung aling mga grupo ang dapat protektahan ng pagbabagong ito. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumentong Talakayan sa pahina 17.</p>
<p><b><i>Pangalawang Panukala: Palitan ang kasalukuyang kriminal na probisyon sa Human Rights Act 1993 ng bagong krimen sa Crimes</i></b></p>	<p>Ibig sabihin, labag sa batas para sa isang tao na sadyang mang-udyok, manulsol, magpatuloy o magnormalisa ng poot laban sa isang pinoprotektahang grupo kung gagawin niya ito sa pamamagitan ng pagbabanta, pang-aabuso o pang-iinsulto, kabilang ang pang-uudyok ng karahasan. Mailalapat ito paanuman nila gawin ang pagbabanta o</p>

<p><b>Act 1961 na mas malinaw at mas mabisa.</b></p>	<p>pang-aabuso, kabilang ang paraang pasalita, pasulat, o online. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung aling mga grupo ang dapat protektahan, tingnan ang Unang Panukala. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 18.</p>
<p><b>Pangatlong Panukala: Gawing mas mabigat ang parusa para sa krimen para mas maipakita kung gaano ito kalubha.</b></p>	<p>Ang kasalukuyang parusa ay pagkakakulong nang hanggang tatlong buwan o multang hanggang \$7,000. Sa panukala, gagawing pagkakakulong nang hanggang tatlong taon o multang hanggang \$50,000 ang parusa. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 19.</p>
<p><b>Pang-apat na Panukala: Baguhin ang pananalita sa probisyon sa sibil na pang-uudyok para tumugma sa mga pagbabagong ginagawa sa kriminal na probisyon.</b></p>	<p>Magdaragdag ito ng ‘pang-uudyok/panunulsol, pagpapatuloy o pagnormalisa ng poot’ kasama ng kasalukuyang pananalita sa sibil na probisyon (seksyon 61). Ikalulugod din naming makatanggap ng feedback tungkol sa iba pang paraan kung paano maaaring mapahusay ang probisyong ito. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 21.</p>
<p><b>Panlimang Panukala: Baguhin ang sibil na probisyon para gawing labag sa batas ang ‘pang-uudyok na mandiskrimina’.</b></p>	<p>Magbabago ang batas sa paraang pagbabawalan ang isang tao na udyukan o sulsulan ang iba pang tao na mandiskrimina laban sa mga grupong masasaklaw ng probisyon sa pang-uudyok ng poot (tingnan ang Unang Panukala). Dahil dito, papayagan ang mga reklamo sa Human Rights Commission tungkol sa ganitong uri ng kagawian. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 22.</p>
<p><b>Pang-anim na Panukala: Magdagdag sa mga batayan ng diskriminasyon sa Human Rights Act para linawing pinoprotektahan laban sa diskriminasyon ang mga trans, gender diverse, at intersex na tao.</b></p>	<p>Kasalukuyang labag sa batas na mandiskrimina laban sa mga tao dahil sa kanilang kasarian. Para sa Pamahalaan, kabilang dito ang diskriminasyon batay sa gender identity o expression, mga katangian ng kasarian o pagiging intersex. Iminumungkahi ng panukalang ito na gawing mas malinaw ang batas pagdating dito. Mayroong higit pang impormasyon sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 23.</p>

## Ano ang nang-uudyok na pananalita?

Ang 'mapoot na pananalita' ay isang malawak na terminong hindi ginagamit sa batas ng Aotearoa New Zealand. Karaniwan itong pinapakahulugang pananalitang umaatake sa isang indibidwal o grupo batay sa katangiang pare-pareho sa kanila, halimbawa, etnisidad, relihiyon, o sekswalidad.

Partikular na nauugnay ang anim na panukala sa itaas sa pananalitang nang-uudyok ng poot laban sa isang grupo. Ang pananalitang nang-uudyok ng poot ay mapang-abuso o may pagbabantang pananalita na nagtutulak ng galit sa isang grupo ng tao (sa halip na nakatuon sa isang tao) batay sa katangiang pare-pareho sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit natin pinag-uusapan ang 'nang-uudyok na pananalita', 'pang-uudyok ng poot' at 'mga probisyon sa pang-uudyok'.

Hindi para sa iba pang anyo ng hate crime ang mga panukalang ito. Makikita sa Dokumento ng Talakayan sa pahina 25 ang higit pang impormasyon tungkol sa kaugnay na gawaing hindi saklaw ng mga panukalang ito.

## Nakakapanakit ang nang-uudyok na pananalita

Nakakapanakit nang lubos ang pananalitang nang-uudyok ng poot. Mayroon itong negatibong epekto sa mga komunidad na pinapatamaan at posible itong humantong sa karahasan. Sinisira ng pang-uudyok ng poot ang ating sambayanan sa pamamagitan ng pagiging sanhi ng sama ng loob at pagpigil sa pagiging bahagi ng lipunan. Maaari itong magpalaganap ng kawalan ng tiwala at salungatan sa pagitan ng lahat ng ating komunidad sa buong Aotearoa New Zealand.

Kapag pinahusay ang mga proteksyon laban sa pang-uudyok ng poot, magiging mas ligtas ang mga komunidad at mapapaigting ang pananaw ng ating lipunan na nakakapanakit ang ganitong uri ng kagawian.

Ipinagbabawal din sa bisa ng mga pandaigdigang treaty sa karapatang pantao ang pang-uudyok ng poot, kaya makakatulong ang pagbabago sa batas sa pagtupad natin sa ating mga pandaigdigang obligasyon sa karapatang pantao.

## Ang kasalukuyang batas

Ang Human Rights Act 1993 ay mga kriminal na probisyon at sibil na probisyon. Saklaw ng sistema ng sibil na batas ang mga pribadong hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga indibidwal, organisasyon, at sa ilang sitwasyon, lokal o sentral na pamahalaan. Layunin ng sistema ng kriminal na batas ang matukoy at maipagbawal ang mas malubha at nakakapanakit na gawi sa pamamagitan ng pagpapataw ng parusa sa mga taong lalabag sa batas.

Sa bisa ng sibil na probisyon (seksyon 61), labag sa batas na gumamit, maglathala, mag-broadcast o magpamahagi ng nakasulat na bagay o gumamit ng mga salita na parehong:

1. nambabanta, nang-aabuso o nang-iinsulto, at

2. malaki ang posibilidad na mang-udyok ng galit o ilantad sa kapahamakan ang anumang grupo batay sa kanilang kulay ng balat, kasarian, lahi, o etnikong pinagmulan o pinagmulang bansa.

Maaaring maghain ng reklamo ang sinumang tao sa Human Rights Commission kapag sa palagay nila ay may isang taong gumawa ng isang bagay na labag sa batas.

Ayon sa kriminal na probisyon (seksyon 131), krimen ang pang-uudyok ng kawalan ng pagkakaisa dahil sa lahi sa pamamagitan ng paglathala, pag-broadcast o pamamahagi ng nakasulat na bagay, o paggamit ng mga salita na lahat ng sumusunod:

1. nambabanta, nang-aabuso, o nang-iinsulto
2. malaki ang posibilidad na mang-udyok ng galit o masamang hangarin, o ilantad sa kapahamakan o kutyain ang anumang grupo batay sa kanilang kulay ng balat, kasarian, lahi, o etnikong pinagmulan o pinagmulang bansa, at
3. sinasadyang iudyok ang naturang galit, masamang hangarin, kapahamakan, o pangungutya.

Ang krimeng ito ay may parusang pagkakakulong nang hanggang tatlong buwan, o multang hanggang \$7,000.

## **Pinoprotektahan ang malayang pagpapahayag ngunit napapailalim ito sa mga makatuwirang limitasyon**

Ang malayang pagpapahayag ay isang haligi ng ating lipunan, ngunit hindi ito nangangahulugang may karapatan ang mga tao na sabihin ang kahit anong gusto nila. Tulad ng lahat ng karapatan at kalayaan sa Bill of Rights Act, ang karapatan sa malayang pagpapahayag ay maaaring limitahan ng batas sa paraang makatuwiran sa isang malaya at demokratikong lipunan.

May mga makatuwirang limitasyon sa malayang pagpapahayag ang mga kasalukuyang probisyon sa pang-uudyok. Bumubuo ang mga ito ng balanseng pamamaraang isinasaalang-alang kung gaano kalubha ang mapoot na pananalita kumpara sa bigat ng parusa. Ang mga probisyon sa pang-uudyok ay partikular na para sa pananalitang magdudulot sa iba na maniwalang hindi mabisang tatakbo ang isang lipunang binubuo ng magkakaibang pangkat etniko. Layunin ng ganitong uri ng pananalita na pag-awayin ang mga tao at gumawa ng hidwaan sa pagitan ng mga komunidad.

Sa pamamagitan ng batas na ito, nagiging labag sa batas ang pang-uudyok sa ganitong mga kagawian dahil hindi tumutugma ang mga ito sa mga karapatang pantao at sa mga demokratikong prinsipyo ng Aotearoa New Zealand. Ang mga kagawiang ito ay batay sa ideyang dahil sa katangiang pare-pareho sa kanila (tulad ng etnisidad, relihiyon, o sekswalidad), mas mababa ang halaga ng ilang grupo ng tao kumpara sa iba. Posibleng may paniniwalang ang mga grupong ito ay hindi dapat magkaroon ng mga parehong karapatan, at/o dapat tratuhin sa ibang paraan at ihiwalay sa mas malawak na lipunan.

Mahalagang tandaang hindi binababaan ng mga panukalang ito ang kinakailangang antas para maging krimen ang pananalita at hindi nito pinipigilan ang pagdedebate ng publiko tungkol sa mahahalagang isyu.

Layunin ng mga panukalang ito sa pagbabago ng batas na tiyaking napoprotektahan ang mga karapatan ng lahat, at na maipapahayag ng bawat tao ang kanilang sarili nang walang takot.

## **May mga natukoy na problema sa batas**

Noong 2019, nagsagawa ng pagsusuri sa batas ang Ministry at may natukoy itong ilang isyu. Ang Royal Commission of Inquiry para sa pag-atake ng terorista sa Christchurch masjidain noong Marso 15, 2019 ay may natukoy ring mga isyu at gumawa ito ng mga rekomendasyon para sa pagbabago.

May natukoy na tatlong pangunahing bagay:

1. Ang pananalitang ginamit sa parehong kriminal na probisyon at mga sibil na probisyon ay hindi malinaw. Inirekomenda ng Royal Commission na baguhin ang pananalita para sa kriminal na probisyon.
2. May higit pang grupong apektado ng pananalitang nang-uudyok ng poot kaysa sa mga kasalukuyang pinoprotektahan. Lahi, nasyonalidad, etnisidad at kulay ng balat lang ang sakop ng mga probisyon. Apat lang ito sa labintatlong 'ipinagbabawal na batayan ng diskriminasyon' sa seksyon 21 ng Human Rights Act.
3. Magaan ang parusa para sa krimen kumpara sa kalubhaan ng sadyang pang-uudyok ng poot.

Gusto naming malaman ang iyong feedback tungkol sa anim na panukala para lutasin ang mga isyung ito sa kasalukuyang batas.

## **Mga konsiderasyon sa Treaty of Waitangi**

Mahalaga ang Te Tiriti o Waitangi - Treaty of Waitangi sa mga probisyon sa pang-uudyok at proteksyon laban sa diskriminasyon sa Human Rights Act at sa mga pangkalahatang panukala. Posibleng makaranas ng mapoot na pananalita ang Māori at kasalukuyan silang saklaw ng mga probisyon sa pang-uudyok sa ilalim ng mga batayang 'lahi' o 'etnikong pinagmulan'. Hangarin ng mga panukalang ito na mas maprotektahan ang mga grupo, kabilang ang Māori, laban sa pananalitang nang-uudyok ng poot. Papagtibayin ang mga proteksyon kung saan masasaklaw ang Māori ng alinman sa iba pang ipinagbabawal na batayan ng diskriminasyon, halimbawa, kaugnay ng takatāpui (Māori na itinuturing ang sarili na may iba't ibang kasarian at sekswalidad).



# Mga tanong para sa feedback sa mga panukala

Naglalaman ang Dokumento ng Talakayan ng mga pangkalahatang tanong tungkol sa lahat ng panukala pati na rin ng mga partikular na tanong para sa bawat panukala. Nakalista sa ibaba ang mga tanong na ito.

Narito ang tatlong tanong na magagamit mo bilang mga prompt para sa iyong isusumite tungkol sa lahat ng panukala:

- May nakikita ka bang kahit anong panganib o hindi nilalayong resulta mula sa panukala at, kung mayroon, ano-ano ang mga ito?
- Mayroon bang anumang paraan para mapahusay ang mga panukalang ito?
- Nagpapakilala ba ang mga panukalang ito ng anupamang isyu sa Treaty of Waitangi bukod pa sa mga nabanggit?

Mga Tanong tungkol sa Unang Panukala:

- Sumasang-ayon ka bang mas mapoprotektahan ng pagpapalawak sa mga probisyon sa pang-uudyok sa ganitong paraan ang mga grupong ito?
  - Bakit o bakit hindi?
- Sa iyong opinyon, aling mga grupo ang dapat protektahan ng pagbabagong ito?
- Sa iyong palagay, mayroon bang anumang grupong nakakaranas ng mapoot na pananalita na hindi mapoprotektahan ng pagbabagong ito?

Mga Tanong tungkol sa Pangalawang Panukala:

- Sumasang-ayon ka bang magiging mas malinaw at mas madaling maunawaan ang kriminal na probisyon kapag binago ang pananalita sa ganitong paraan?
  - Bakit o bakit hindi?
- Sa iyong palagay, masasaklaw ba ng panukalang ito ang mga uri ng kagawiang dapat labag sa batas sa ilalim ng bagong krimen?

Mga Tanong tungkol sa Pangatlong Panukala:

- Sa iyong palagay, naaangkop ba ang bigat ng parusang ito sa kung gaano kalubha ang krimen?
  - Bakit o bakit hindi?
- Kung hindi ka sumasang-ayon, anong mga krimen ang dapat gamitin bilang naaangkop na kahambing?

Mga Tanong tungkol sa Pang-apat na Panukala:

- Sinusuportahan mo ba ang pagbabagong ito sa pananalita sa seksyon 61 (ang sibil na probisyon)?
  - Bakit o bakit hindi?
- Sa iyong palagay, mayroon bang anupamang bahagi ng kasalukuyang pananalita ng sibil na probisyon na dapat baguhin?

Mga Tanong tungkol sa Panlimang Panukala:

- Sinusuportahan mo ba ang paglalagay ng pagbabawal sa pang-uudyok na mandiskrimina sa seksyon 61?
  - Bakit o bakit hindi?

Mga Tanong tungkol sa Pang-anim na Panukala:

- Para sa iyo, naaangkop ba ang terminolohiyang ito?
- Sa iyong palagay, sapat bang nasasaklawan ng panukalang ito ang mga grupong dapat protektahan laban sa diskriminasyon sa bisa ng Human Rights Act?
- Para sa iyo, naaangkop bang napoprotektahan ng panukalang ito ang mga gender identity na partikular sa kultura, kabilang ang takatāpui?

## Ano ang maaari mong gawin kung nakakaranas ka ng mapoot na pananalita o gawi

Kung sa iyong palagay ay may banta sa iyong kaligtasan, makipag-ugnayan sa Pulis. Kung isa itong emergency, tumawag sa 111. Kung hindi ka nanganganib sa ngayon, tumawag sa 105.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano makakatulong ang Human Rights Commission, tingnan ang: <https://www.hrc.co.nz/enquiries-and-complaints/how-make-complaint/>

Para sa impormasyon tungkol sa racial harassment: <https://www.hrc.co.nz/enquiries-and-complaints/faqs/racially-offensive-comments/>.

Para sa pang-aabusong nangyayari online: <https://www.netsafe.org.nz/>

Kung gusto mong may makausap tungkol sa iyong nararamdaman, tumawag o mag-text sa 1737.

## Higit pang impormasyon

Mababasa mo ang kumpletong dokumento ng talakayan sa: [www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination](http://www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination)

Mayroon ding higit pang impormasyon sa website ng Te Tāhū o Te Ture – Ministry of Justice sa: [www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination](http://www.justice.govt.nz/proposals-against-incitement-of-hatred-and-discrimination)

